**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**

**APRIL 27, 2022 (11:00 A.M. – 11:55 A.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga po Pilipinas. Ngayong araw ng Miyerkules, April 27, sama-sama pa rin po tayong makikibalita sa pinakamaiinit na balita sa loob at labas ng ating bansa tungkol po sa COVID-19 pandemic, sa Hatol ng Bayan 2022 at sa napipintong krisis sa ating kapaligiran dulot po ng climate change.

Ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio, at simulan na po natin ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Nagpaalala si Pangulong Rodrigo Duterte sa publiko na patuloy po na sumunod sa health protocols lalo't posible ang surge ng COVID-19 cases dahil sa Omicron subvariants. Nagbabala ang Pangulo sa gitna ng nalalapit na Hatol ng Bayan 2022 kung saan nasa animnapung milyong Pilipino ang lalabas para bumoto. Sa kaniyang Talk to the People, batid ng Pangulo ang patuloy na pagbaba ng kaso ng COVID-19 na isang magandang balita umano ngunit mapanganib pa rin po kung magkakaroon muli ng surge.

Payo niya sa publiko, makinig sa mga eksperto at mga medical professionals at scientists. Nanawagang muli si Health Secretary Francisco Duque III na magpa-booster na at huwag na pong hintayin na magka-surge ng COVID-19 cases. Tiniyak naman ni Secretary Duque na papalitan ng COVAX Facility ang mga na-expire o mai-expire na bakuna nang walang bayad.

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Mag-iisang buwan nang napailalim po sa lockdown ang buong munisipalidad ng Shanghai sa China dahil sa naging surge ng COVID-19 doon. Kukumustahin po natin ang nasa apatnalibong Pilipinong naninirahan doon. Makakausap po natin sa unang pagkakataon si Philippine Consul General in Shanghai, Josel Ignacio. ConGen, mula po dito sa Pilipinas at welcome po sa ating Public Briefing.

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Magandang umaga po, Usec. I'm happy to be part of the program at makausap kayo na kapareho ng apelyido, kamag-anak po siguro [laughs].

**USEC. IGNACIO:** [Laughs] Oo nga, ConGen. ConGen, ilang Pilipino po ang nahawahan ng COVID-19 diyan sa Shanghai? Ilan po ang naka-recover na, at wala naman po sanang casualty?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Wala naman po. Sa kabutihang palad po, wala tayong casualty. Ang atin pong na-monitor ngayon na count ay cumulative po 'no, iyong lahat po ito, total ay labingwalo. At natutuwa po kami na sa labingwalo po na 'to, lima na po ang na-discharge, ang napalabas ng facility.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, ConGen, nasaan na po sila ngayon at paano po sila tinutulungan pa ng konsulada natin?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Opo. Ito pong mga COVID positive po ay close group management po ano – ang ibig pong sabihin, ang may access lamang po sa kanila ay ang health authorities ng Shanghai. Sa ngayon po, ang mga konsulada po hindi lamang ng Pilipinas kundi ng lahat po ng konsulada ng iba-ibang bansa ay hindi po nakakapunta para direktang magbigay ng assistance sa mga quarantine facilities at hospital.

Pero sinusundan po natin iyong mga—lahat po ng labingwalo na ‘yan, batid po natin kung sino sila, alam natin ang contact numbers. Kung mayroon po silang pangangailangan na special needs po ano, iyan po, naidudulog natin nang diretsa doon sa Shanghai authorities para matugunan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, ConGen, kumusta po ba iyong sitwasyon diyan sa ngayon, mag-iisang buwan na po kasi ang lockdown sa Shanghai? Bakit po kinakailangan pang lagyan ng fence daw po iyong mga building para daw po hindi makalabas iyong mga tao?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Opo, salamat po. Ang policy ho kasi dito ay iyong tinatawag na ‘zero COVID’ at saka tinatawag po nila na ‘dynamic case clearing’ – ang ibig pong sabihin nito, kailangan po pababain ang kaso hindi lamang po sa buong Shanghai kundi sa antas po ng mga maliliit na komunidad, purok, pamayanan na tanggalin po ang mga COVID cases. Kung mayroon pong makita, ilalabas po agad ‘yan kasi kailangan nga po pinakamababa – kung puwedeng zero ang transmission.

Kaya ngayon po ang nakikita nila, mayroon nang konting pagbaba ng mga kaso at ayaw ho nilang magkaroon ng kaso uli kasi back to zero—ibig sabihin uulit na naman po lahat ng mahirap na proseso kaya po minsan umaabot doon sa punto na napakahigpit na at masasabi pong… o iyon pong minsan almost draconian po ‘no so babakuran na iyong community. Pero itong mga pagbabakod ng community, mas ano po ‘yun doon sa mga lumang buildings po ano, hindi naman po iyan city-wide.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, ConGen, puwede po ba nating sabihin na bumubuti na po iyong sitwasyon ng COVID-19 diyan?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Ang the most that the Shanghai government is acknowledging is there’s a gradual decrease in daily cases. Ang mithiin po nila ay sana ay makalabas ang siyudad dito sa outbreak na ‘to as soon as possible. Wala pong official pronouncement ang pamahalaan ‘no, subalit ayon po sa mga eksperto, tinatantya po nila na baka pinakamaaga po ay kalagitnaan ng Mayo o baka abutin pa ng Hunyo – iyon pa lang ho ‘yung talagang simula ng paglabas dito sa outbreak na ito.

Pero sa ngayon po, nagagalak sila na iyong daily case load bumababa – mula ho sa mga nasa 20 plus thousand a day noong mga nakaraang linggo, ngayon po ay below 20,000 iyong average.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, ano po ‘yung assistance ng Shanghai government dito po sa mga apektadong residente? May naipaabot po ba silang tulong sa mga foreign residents o migrant workers kabilang na po itong ating mga kababayan?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Opo. Dahil nga po ang may control lamang ng lahat ng movement at supply ngayon, hawak po nang mahigpit ng Shanghai government ito. Pero lahat po ‘no, no distinction – whether foreign or local – lahat po ay pinapadalan naman ng ayuda sapagkat kinikilala din nila na ang supply ho ng pagkain ngayon, hindi madaling makuha. May supply po, ang problema po iyong access kasi iyong mga online platforms at iyong mga deliveries ay hindi po lahat gumagana. Sapagkat bahagi po iyan ng pag-iingat nila, baka kumakalat sa delivery ang virus.

Subalit nagbibigay po sila every week, every few days mayroon pong food packages na pinapadala. At ngayon po bukod po sa ayudang iyan na pagkain ng Shanghai government, medyo nagluluwag na rin po ng kaunti sa orders at iyon pong tinatawag na group buy – bawat building po, umu-order ng maramihan at iyon po ang ginagamit.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito po ‘yung laging tinatanong, ulitin lang po ConGen ano po. Paano daw po masisiguro ng konsulado na nabibigay nga po ang mga pangangailangan ng ating mga kababayan diyan at paano daw po sila namo-monitor?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Opo. Ganito po: On the part of the consulate po tulad noong… hinihingi po natin ng pang-unawa, kami din po ay naka-lockdown ano. Wala pong konsuladong nakakaikot at nakakapunta nang diretso para tumulong po ano sa kaniya-kaniyang nationals. Subalit tatlo po ang platforms natin: mayroon po tayo iyong parang pinaka-Facebook dito ano po, iyong WeChat at alam po ng mga Pilipino dito ‘yan; mayroon po kaming email at iyon pong emergency number.

Ang payo po namin tulad ng dati, kung mayroon po kayong pangangailangan na halimbawa po hindi umaabot sa inyo ‘yung ng Shanghai government, tawagan ninyo po kami. Nagawa na po namin iyan, Undersecretary, mayroon pong mga Pilipino na humingi sa amin ng tulong, tinawagan kami, at kami po ang tumatawag doon sa tinatawag na neighborhood committees po nila at naipaparating po ang pagkain or kung ano po iyong kailangan na supply. Kung mas mabigat po na pangangailangan, naitataas pa ho natin iyan sa mismong Shanghai Government through the foreign affairs office.

**USEC. IGNACIO:** Opo. ConGen, wala na po ba sa kanila ang nagsasabi na gusto na nilang magpa-repatriate o umuwi na dito sa Pilipinas?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Mayroon po kaming mga natatanggap na messages na ilan po, na gusto nga pong umuwi subalit kung lalagumin po natin ang bilang, hindi naman po napakarami sa ngayon. Kami po [ay] handang makipag-ugnayan po sa Department of Foreign Affairs kung kailangan po ng malakihang repatriation.

Sa ngayon po, ang bilang [ay] medyo mababa po. Tapos, banggitin ko lang po na may mga constraint po ngayon dahil nga po napakahigpit ng lockdown. Ang airport [aya] gumagana subalit wala pong public transport at iyong access po sa airport ngayon medyo limitado – una.

Pangalawa po, iyon pong parang immigration office dito, iyong entry or exit bureau ay sarado.

At Pangatlo po, mayroon po tayong mga kababayan na kapag lalabas tiyak po na kakailanganin iyong tinatawag na mga exit visa at exit documents at travel documents mula sa konsulado. So, iyan po [kung] kailangan nilang lumabas, at magpaalam tayo.

Gagawin po natin iyan kung aabot po sa punto na talagang kailangan na po [na kapag] mayroon pong kababayang uuwi ay makikipag-ugnayan tayo sa Shanghai Government para po mapayagan tayong magawa lahat ang proseso na iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. ConGen, punta po tayo dito sa update sa Overseas Absentee Voting diyan sa Shanghai. May balita po ba kayo kung makakaboto ang mga kababayan natin diyan?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Sa ngayon po, sa kasamaang-palad ay sarado pa rin po ang ating presinto dito. Hindi po kami nakapagbukas mula noong April 10. At ang totoo po noon, mula noong katapusan ng Marso po nang dumating iyong election materials ay hindi na rin po namin nailabas mula sa Customs dito sapagkat nag-lockdown na nga po.

So, iyan po ang mga hurdles na ating sinusubukan na ma-overcome po ano. Pero nakipag-ugnayan po tayo sa Shanghai Foreign Affairs Office para po very specifically, very categorically, ask them na payagang magbukas ang konsulado, payagang makalabas ang mga botante natin subalit sa ngayon po ang sagot nila, dahil sa higpit ng lockdown at sa pangamba ng COVID ay hindi pa nila mapapayagan na makaboto.

Usec, gusto ko lang pong banggitin na hindi po tayo nag-iisa na ganiyan ang dinaranas ngayon. Ang Consulate General po ng France dito ay nagkaroon ng botohan nitong April 10 at April 24, two rounds of voting, at hindi rin po sila pinayagan kahit na humingi sila ng paalam.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ilan po ba ang expected na voting population ng mga Pilipino diyan sa Shanghai, ConGen?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Karamihan ay taga-Shanghai. 1,600 po, mga ganoon po ang lebel ng ating botante, karamihan po diyan ay taga-Shanghai. Mayroon po tayong mga mangilan-ngilan na nasa karatig-lalawigan na sakop din po ng konsulado natin. Iyan po ang mga lalawigan ng Zhejiang, Jiangsu, Anhui, Hubei. Pero ang total po [ay] 1,600.

At inuulat po natin sa COMELEC nang palagian at sa DFA ang sitwasyon dito para nga po maidulog sa COMELEC. At siyempre po, being an election process, ang formal po na pagpapasya tungkol sa status ay nasa COMELEC po. Pero niri-report po natin ang estado dito.

**USEC. IGNACIO:** Pero, ConGen, may option po ba sila kung puwedeng bumoto sa ibang konsulada?

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Tama po, Usec. Mula pa ho noong simula ng lockdown, iyan na po ang abiso namin sa mga kababayan na mayroon pong parang ‘vote anywhere’ scheme para po sa personal voting. Iyon po ay para sa mga post lamang na may personal voting.

At dito po sa Tsina, ang may ganiyan pong sistema ay ang ating konsulado sa Xiamen na medyo may kalayuan nga lang po. At dalawa pa po na [mayroon], nandoon po sa Special Administrative Region na Macau at Hong Kong, puwede din po doon.

Ang challenge lang po diyan, ang hirap lang po diyan, medyo malayo iyong biyahe at pangalawa po, kapag lalabas po ng Shanghai at babalik at [maging] doon po sa mga lugar na iyon ay may kaniya-kaniyang quarantine regulations po siguro at mga testing regulations na kailangang matupad. Iyan pong option na iyan ay available para makapag-apply hanggang April 30.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero paano po puwedeng makipag-ugnayan ang ating mga kababayan diyan sa Shanghai sa inyo at ano ang mensahe ninyo dito po sa mga kamag-anak nila dito sa Pilipinas? Go ahead po, ConGen.

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Salamat po, Usec. Kami po ay nakaantabay lamang, open po kami 24/7 po. May emergency numbers po tayo at mayroon pong WeChat na account na tinatawag. Puwede din po kaming i-email sa shanghai.pcg@dfa.gov.ph.

Iyon pong mga kababayan natin dito, although mahirap po ang sitwasyon, they are coping. Mayroon po tayong tinatrabahong assistance with OWWA and DFA para po sa food assistance. Kailangan lang po ng kaunting paglilinaw ngayon tungkol po sa US$200 na ayon po sa OWWA, ang gabay po sa amin ay ito ay para sa COVID positive subalit mukhang kailangan po naming linawin batay po sa mga nai-report sa media kaninang umaga. May kailangan po kaming linawin tungkol sa mga beneficiary nito at lilinawin po namin iyan.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin at pagbibigay ng panahon at impormasyon. Mag-iingat po kayo diyan, Consul General Josel Ignacio. Mabuhay po kayo, ConGen.

**CONSUL GENERAL IGNACIO:** Salamat po, Usec. Mabuhay din po kayo. Salamat po, Ma’am.

**USEC. IGNACIO:** Huwag po muna kayong aalis, magbabalik pa po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[AD]

**USEC. IGNACIO:** Nagbabalik po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Para pa rin po sa ating mga balita sa patuloy po na pagtulong ng tanggapan ni Senator Bong Go sa mga kabilang sa multi-sectoral group na binigyan naman po niya ng ayuda sa Samal Island. Narito po ang report.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Nagbabalik po ang Public Briefing #LagingHandaPH. Kumustahin naman po natin ang ikatlong araw ng vaccination rollout ng dalawang booster dose para po sa immunocompromised sector. Makikibalita tayo kay National Task Force Against COVID-19 Medical Adviser Dr. Ted Herbosa. Good morning po, Dr. Ted.

**NTFAC DR. HERBOSA:** Good morning, Usec. Rocky. At good morning sa lahat ng mga nanunood at nakikinig dito sa Laging Handa.

**USEC. IGNACIO:** Dr. Ted, kumusta po so far itong rollout ng second booster dose sa Pilipinas?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Well, we're reporting a little less than 1,000 na nabigyan na nitong mga immunocompromised individuals, nabigyan na sila ng kanilang second booster. Of course, marami kasing immunocompromised na January or February lang nakuha iyong kanilang booster doses or hindi pa sapat iyong interval na tama 'no, iyong four months interval from the first. So medyo konti pa iyong ating babakunahan. And we hope by the end of this week, madagdagan ito with the healthcare workers and the senior citizens na ngayon naman ay pinag-aaralan ng ating Health Technology Assessment Council kung papayagan na.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dr. Ted, anu-anong bakuna po ba iyong magiging available sa second booster?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Ang recommended ay iyong mga heterologous vaccines. Kung ikaw ay nakatanggap ng mRNA vaccine, kahit anong mRNA 'no, kung Pfizer ang naibigay sa iyong booster, puwede kang makatanggap ng Moderna, AstraZeneca, even iyong Janssen at iyong iba pang bakuna 'no. So puwedeng mag-iba ng brand 'no at kung ano iyong available doon.

Mayroon lang mga ibang bakuna na hindi natin na-recommend kasi wala pa silang standard EUA para sa second booster. So as of now, iyong mga bakuna na available, iyan ang ating gagamitin para sa ating mga immunocompromised persons.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito po iyong laging tinatanong, Dr. Ted: Nakakasiguro po ba tayong sapat daw po iyong ating supply ng bakuna ngayong sinimulan na itong ilang second booster? May inaasahan pa po bang darating na bakuna?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Actually, we have on record 'no, ang naibigay na nating bakuna ay 145 million. Ang dumating sa Pilipinas, kasama ng binili natin, dinonate [donated] sa atin ay over 254 million. So almost mga 90 million iyong mga stockpile natin, of course nababawasan iyan kada araw kasi nga nakakabakuna tayo ng mga 200,000 everyday pa rin para sa mga first dose, second dose at mga booster na tuluy-tuloy naman, hindi naman tayo humihinto.

Pero totoong bumagal. Dati, noong November, December, nasa 800,000, one million a day. Kapag nag-i-special, National Vaccination Day pa tayo, umaabot tayo ng 1.5 million. So bumagal talaga. I do hope makumbinsi natin iyong mga kababayan natin na magpa-booster,

magpa-second dose kung hindi pa nila natatanggap iyong second dose. Kahit matagal na iyong first dose ninyo, effective pa rin po [ang] magpabakuna ng second dose at magpa-booster kahit several months na, puwede pa naman magpa-booster pa rin. Kaya inaanyayahan natin ang lahat na magpa-booster na sa ating mga vaccination centers.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dr. Ted, bago po matapos ang Abril, nasa ilang katao po ang target mabakunahan nito pong second booster dose?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Ang immunocompromised kasi ay nasa mga 10,000 lang iyong nasa talaan natin. Pero ang alam ko, within the end of the week, aaprubahan iyong dalawa pang nirekomenda ng Vaccine Expert Panel – iyong A1, iyong healthcare workers; at iyong A2, iyong senior citizens. And hopefully, isama na rin iyong mga patients with comorbidities, iyong iba pang kategorya ng A3. So para maibigay na iyong booster, alam naman natin na nagwi-wane ang ating immune system even after a period of vaccination pagkatapos ng ilang araw, ilang buwan ay bumababa ang antibody level. At ito ay ginagawa sa ibang bansa ‘no, nagbibigay na sila ng mga pang-apat na shot o second booster shot lalo na itong sa A1, A2 at A3 na kategorya.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc. Ted, ulitin lang daw po, magiging available itong second booster to the general public?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Hindi agad, hindi agad. Ang mauuna siguro muna iyong health care workers na ngayon ay pinag-aaralan ng ating HTAC at iyong ating mga senior citizens. So, iyong dalawa munang kategorya na iyon. Kagaya din noong nag-umpisa tayo ng vaccination noong kaunti ang bakuna natin, may priority groups tayo. Bakit priority groups ‘no? Iyong health care worker ay madaling maintindihan iyon ‘no, na kapag tayo ay nagkaroon uli ng surge, sila ang vulnerable. Puwede silang ma-expose uli at kapag nagkasakit ang ating health care workers, puwedeng mag-collapse ang healthcare system.

So, very important na mabigay na natin at ma-update iyong vaccination status ng health care workers. Iyong senior citizen, of course ayaw nating may mga mamamatay kapag nagkaroon tayo ng reemergence at ayaw na rin nating mag-lockdown. Kaya gusto natin, mas marami ang vaccinated, para kung mangyari, kagaya noong nangyari sa Omicron, hindi na sila pumupunta sa ospital, mild lang ang sintomas nila at nasa bahay lang sila ng ilang araw, mga tatlo, apat na araw [ay] magaling na sila at puwede na namang pumasok sa trabaho uli.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa ngayon po ba ay may vaccination centers na napipilitan na ring magbakuna ng second booster dose kahit hindi pa daw po pasok dito sa immunocompromised sectors? Ito raw po ba ay iimbestigahan ng DOH? Ano po ang magiging reaksiyon dito?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Well, ang nadinig ko ay iniimbestigahan ito, at ang isang nadinig ko na ginawa ng isang lugar. Iyong isang bakuna kasi ay multi-dose vial. Kapag ang immunocompromised ay kaunti lang, let’s say five-dose vial iyon at may tatlo lang na immunocompromised, may matitirang dalawang dose doon. So ang sabi nila ay binigay nila doon sa ibang nanghihingi ng booster. So, ito ay violation ng ating policy, pero titingnan natin, valid din naman iyon, kasi kaysa masayang iyon kung itatapon na iyong two doses. Ako naman

ay naiisip ko, parang puwede naman iyon. We don’t have to be very strict with the policy, iyon lang, huwag lang magkagulo sa agawan ng bakuna. So, very important na maintindihan.

So, sinusuri natin iyan at huwag mag-aalala iyong mga health care worker at mga senior, I’m sure iniisa-isa din lang iyan at iri-release din iyan ng ating HTAC. Maybe this week, palagay ko by Friday, ma-approve na iyan at next week mag-umpisa na tayo diyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nabanggit nga ninyo, Doc Ted, kaysa naman po masayang itong bakuna. Hindi ba puwedeng isabay itong senior citizens at ang ating mga health care workers dito sa considered as vulnerable sector din sa pagbabakuna ng second booster sa mga immunocompromised?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Ang ginagawa kasi ng IATF, may proseso: Niri-recommend siya ng Vaccine Expert Panel – iyong mga scientist at mga vaccine expert, pagkatapos niri-review ito ng HTAC, iyong Health Technology Assessment Council. Alam mo iyong HTAC kasi, importante iyan kung may bibilhin pa tayong bakuna. Pero, dahil ang mga bakuna ay nandito na at puwede nang gamitin, ang feeling ko ay hindi na kailangan ng Health Technology Assessment at desisyon na lang siguro ng IATF at DOH na bigyan na rin ang health care workers at senior citizens.

**USEC. IGNACIO:** Doc Ted, bigyang-daan ko lang po ang tanong ng ating kasamahan sa media. Mula po kay Red Mendoza ng Manila Times: May mga lumulutang daw po na agam-agam na baka magkaroon daw po ng lockdown pagkatapos ng halalan dahil sa posibilidad na pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa eleksiyon. May possibility po ba na mangyari ito?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Itataas natin iyong alert level, pero ang proseso na natin ngayon ay localized lockdown, ibig sabihin noon ay maliit na lugar lang. Kung talagang napakataas iyong antas ng mga new cases sa isang barangay ay iyon lang ang ating ila-lockdown, hindi na kagaya ng ginagawa nila sa Shanghai. Alam na natin kung paano mag-respond, dalawang taon na nating binubuno itong COVID-19. Iyong mga hospital natin handa na ring mag-expand uli kung dadami uli ang COVID cases. Parang accordion plan lang kami, accordion response, [kung saan] dadami na naman iyong mga beds allocated sa COVID at liliit iyong sa non-COVID.

At ganoon din, bumibili ng preparasyon. In fact, sini-save namin iyong aming mga PPE at mga gamit just in case magkaroon nga as predicted sa mid-May ng muling pagtaas ng mga cases. At ito ay isang posibilidad, hopefully being vaccinated will be the first defense na magagamit natin. Kung boosted tayo at vaccinated, less ang chance na mangailangang maospital.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin po ni Red Mendoza ng Manila Times: Sa tingin po ba ng NTF ay may posibilidad na tumaas nga po ang kaso pagkatapos po ng halalan? At ano daw po ang hakbang ng NTF para hindi daw po mangyari ang ganitong pagtaas?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Unang-una, binabantayan ko iyong weekly cases, decreasing pa rin or flat. Actually flat nitong nakaraang linggo, hindi naman siya increasing. Pero may mga days, na may mga reported cases na at may mga lugar na parang increasing in number. Pero in total, nationwide ay hindi dumadami.

Now, iyong ating mga modelers, iyong mga mathematical computation ay pini-predict na tataas nga ito [in the] middle of May at in the thousands again, which I hope, hindi naman makaapekto sa ating health system. Magla-lockdown lang tayo, kung magko-collapse ang ating health system. At dahil mataas ang antas ng ating vaccination, confident ako na kagaya ng nangyari sa Omicron, malalampasan natin kung anuman iyong susunod na surge na mangyayari.

So, talagang iyong bakuna ang mag-aalis sa atin dito sa pandemyang ito at I hope maintindihan ito ng ating mga kababayan at iyong mga naghi-hesitate magpa-booster, magpa-booster na at iyong mga qualified na makakuha ng second booster, magpa-second booster na.

**USEC. IGNACIO:** Tanong naman po ni Mark Fetalco ng PTV: Sinabi daw po ni Health Secretary Francisco Duque III na may 19 areas sa bansa na binabantayan dahil po sa mataas na two-week growth rate. Makikita po ba nating may epekto dito iyong campaign rallies?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Number one, gradual lang iyong increase. Iyong mga binabantayan na Alert Level 1, there is a gradual increase of new cases. Puwedeng dahil diyan sa rallies. Ako, to me, it’s the increased mobility ng tao dahil nalagay tayo sa Alert Level 1, nakita naman ninyo na wala na tayong tsini-check na vaccine card, contact tracing form, kapag pumasok tayo sa mga pampublikong lugar. And with this increase in cases, mas madaming public transport na sinasakyan, talagang may posibilidad na may makawala diyan. So ang payo ko talaga sa ating mga kababayan, kung kayo ay may sintomas, huwag na kayong lumabas, maglagi na lang kayo sa bahay, magpagaling, para hindi ninyo mahawa ang marami pang tao na kasama ninyo sa public transport o sa publikong lugar.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin po ni Mark Fetalco ng PTV: Sa tingin po ng NTF, puwede na bang isailalim sa Alert Level 1 ang buong bansa?

**NTFAC DR. HERBOSA:** Iyon nga, kaya may binabantayan tayong mga ibang lugar na tumataas. Iyong criteria for alert level eh, number one, mababa na iyong new cases. Pangalawa mataas iyong antas ng vaccination rates – above 70 or 80% – at iyong hospital ninyo ay below 50 ang occupancy rate. Kapag na-fulfill naman iyan, puwede namang ibaba talaga. We have to have some local granular alert levels, kasi nga, iba-iba naman ang sitwasyon sa iba’t ibang lugar ng Pilipinas. So, okay lang mag-declare ng Alert Level 1 for the whole country. [Unclear] special attention or special concern.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ted, mensahe na lamang po sa ating mga kababayan, doon sa mga hindi pa nagpapa-booster. Go ahead po, Doc Ted.

**NTFAC DR. HERBOSA:** Sa ating mga kababayan na hindi pa nagpapabakuna, gusto nating ma-attain iyong ating target na 77 million. May sampung milyon pa tayong hindi nabibigyan ng kahit na first dose, so magpabakuna na po kayo. Nakita naman natin na safe and effective iyong bakuna, nakapag-alert level tayo, sa dami ng nagpabakuna.

Iyong hindi pa naba-vaccinate, magpabakuna na po kayo ngayon. Safe and effective ang ating COVID-19 vaccine, iyong mga kandidato para sa second booster puwede na po kayong pumunta. Dadalhin niyo lang iyong vaccination card ninyo at iyong petsa kung kailan niyo

nakuha iyong first dose ng booster. Kailangan four months ago puwede na kayong magpa-booster.

At sa mga hindi pa naman nagpapa-second dose, magpa-second dose na tayo kahit naantala ito. At iyong hindi pa nagpapa-booster, marami kayo about 30 million, magpa-booster na rin po tayo.

Iyon lang ho. [Unclear] iyan ang sabi ng WHO para makalabas tayo sa pandemya.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong palagiang pagsama sa aming programa.

Dr. Ted Herbosa, mabuhay po kayo, Doc.

**NTFAC DR. HERBOSA:** Mabuhay ka, Usec. Rocky, at good morning sa inyong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, namahagi rin ng tulong ang tanggapan ni Senator Bong Go sa Sariaya. Patuloy rin po ang

[audio cut]

niya sa ating mga kababayan na magpabakuna na.

Narito po ang report.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Puntahan naman po natin ang mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service. Magbabalita si Czarinah Lusuegro.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Czarinah Lusuegro, ng PBS-Radyo Pilipinas.

Samantala, less than two weeks na lang po bago po ang Hatol ng Bayan 2022. Nasa linya ay makakausap po natin ang Political Analyst na si Professor Anbony Cuanico.

Good morning po, Professor Cuanico.

**DR. CUANICO:** Magandang araw po sa ating lahat, Ma'am Rocky. Magandang araw po sa ating mga tagapanood sa inyong programa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, kumusta po ang assessment ninyo sa magaganap na eleksyon? Posible po bang ma-surprise pa tayo sa resulta o sa palagay ninyo, hindi malabong magkatotoo ito pong mga

[audio cut]

results?

**DR. CUANICO:** Opo. Papalapit na po talaga ang eleksyon at nakikita natin na halos lahat ng sulok ng Pilipinas ay dumarami iyong mga pakulo ‘no.

Ang tingin ko, magagaya po ito sa nangyari noong 2016 na presidential elections din. Kasi kung magkabilang panig iyong nagki-claim sila na sila ang nananalo sa survey, iyong isa naman doon sa Google trends ‘no. Pero kung ano po ang maging resulta ang tingin ko ay hindi malabong mag-neck and neck battle ito sa dalawang malakas na kandidato sa pagka-presidente po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ano daw po iyong posibleng magpabago dito sa resulta ng eleksyon mula po sa itinatakbo ng mga survey sa ngayon? Nabanggit niyo nga na posibleng mag-neck to neck.

**DR. CUANICO:** Opo. Siguro po last stretch na ito, ang tinitingnan ko kung ano iyong [unclear] ng magkabilang panig. Iyong una sa kandidatura ni Marcos. Nagpapakita na siya ngayon, nagpapa-interview na din ‘no. Sa kandidatura naman po ni Leni Robredo, patuloy pa din niyang itinataas iyong kanilang campaign strategies kung saan ginagawa nila iyong house-to-house na pangangampanya.

**USEC. IGNACIO:** Pero sa tingin niyo may bearing o may epekto ba ito pong huling survey na [nakatakdang] lumabas sa May sa magiging resulta po ng eleksyon?

**DR. CUANICO:** Pakiulit po ng tanong, Ma’am Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kung sa palagay po ninyo may bearing o may epekto po ba iyong huling nakatakda po sanang lumabas [na survey] ngayong May dito daw po sa magiging resulta ng eleksyon?

**DR. CUANICO:** Iyong isu-survey po? Tama po ba?

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyong sa survey po, opo.

**DR. CUANICO:** Tandaan po natin na ang survey ay snapshot lang po siya at hindi siya para maging daan po. Projection lang siya.

Kasi nga ang tinitingnan ko din dito ay kung ano iyong mga surveys na ginagawa ng magkabilang panig. Halimbawa iyong OCTA, iyong sa SWS at saka ng Pulse Asia, iisa lang iyong tinatahak nila, iisang presidente. Pero magkagayunman, nagki-claim naman din po ang magkabilang panig na iyong Google trends.

Ang nangyari po ngayon noong nakaraang eleksyon din na nangyari sa France, ito po lumabas sa Google trends na nanalo si… iyong presidente nila ngayon, makikita natin na posible din siyang mangyari. Ayaw ko siyang i-preempt kasi nga, nirerespeto natin ang survey kasi nga ito ay siyentipiko din ang pagsasagawa ng isang research, isang survey. Pero, ang tinitingnan ko din ay

kung tama ba ang metodolohiya ng pag-conduct ng survey. Kaya nga ang iniisip ko ngayon, malamang both parties ngayon ay magsisipaglabasan ng kani-kanilang mga surveys.

Tingnan din natin na maraming mga kabataan ngayon ang magpa-participate. Can you imagine that – 56% ng mga voters ngayon are roughly 80 million ng mga voters natin ay mga kabataan at doon sa survey na iyan lumalabas sa mga estudyante natin sa iba't-ibang unibersidad, nangunguna dito si Leni Robredo. So, sabi ko nga malabo pang makapagbigay ng isang kongkretong sagot kung sino ba talaga ang mananalo sa darating na election. Gabay lamang po siguro [ang survey]. Ang masasabi ko lang, kung anuman po iyong lumalabas na survey, pag-isipan pa ng ating mga kandidato.

Marami pa rin po, Ma'am Rocky, iyong mga tinatawag nating undecided voters. Ito dapat iyong tingnan din ng ating mga kandidato sa pagkapangulo at pangalawang pangulo. Kasi, ang mga undecided voters na ito, ito iyong magiging game-changer din sa katapus-tapusan po.

**USEC. IGNACIO:** Gaano po ba kahalaga ang mga survey para po mapulsuhan ang gusto ng publiko bago po ang eleksiyon na hindi naman talaga niri-represent ang buong voting population ng Pilipinas?

**DR. CUANICO:** Okay. Kagaya nga ng sinabi ko, Ma'am Rocky kanina, snapshot lang po siya at hindi para hulaan kung ano ang magiging kahihinatnan ng halalan. Pero, kagaya po na kung sino man iyong nangunguna sa survey ay siguro sa ating mga undecided pa diyan, tingnan natin bakit siya nangunguna at pangalawa din po, iyong pangalawang kandidato din bakit siya ganito lang ang nakuha niya para bigyan din ng daan para sa mga botante natin na pag-aralan bakit mas malaki iyong isang kandidato over sa other candidates.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, may epekto pa rin po ba iyong dapat sana ay huling COMELEC debates na magiging parang interview na po iyong [sa] magiging decision-making ng mga botante?

**DR. CUANICO:** Opo. Tama po iyan Ma'am Rocky, ito po iyong last na debate natin. Malaki po ang magiging impact, kasi lahat naman siguro magiging tutok na ang buong Pilipinas dito.

Kasi dito, iyong make or break ay makikita natin kasi marami nang mga inihain na mga plano at saka mga balak nilang gawin para sa bansa natin. Iyong last na debate, ang tingin ko lang, malamang magbago pa iyong mga isip ng mga kandidato natin kung wala talagang maihain na magandang plano sa bansang Pilipinas. Siguro doon sila sa mas higit na magbibigay ng kongkretong plano para sa ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, ano po iyong naging reaction ninyo sa ginawang press conference ng ilang presidentiables nitong nakaraan? Naging epektibo po ba iyong kanilang pagpapaalala sa mga tao? Hindi lang po dalawa ang naglalaban sa pagkapangulo.

**DR. CUANICO:** Opo. Alam ninyo po, Ma'am Rocky, ang debate na iyan ay ang mga ginagawa pong paghahain nila ng mga plano. May mga tao po talaga na walang alam. Marami po akong nakakausap na mga undecided pa rin kung anong gusto nila na kandidato.

Pero, sa pamamagitan po ng panunood sa television, paghahain ng mga plano nila, kasi malaki ang naging daan ng social media ngayon kung saan inilalahad at mas ini-explain pa doon sa social media kung anuman ang isiwalat nila doon sa mga campaign sorties nila o doon sa mga debate.

So, kung tatanungin ninyo, malaki po iyong naging epekto noon. Hindi ko po puwedeng i-discount, hindi po maaari nating mai-discount na anuman po ang nasasabi na ino-offer na mga plano ng ating mga kandidato ay sigurado pong tatatak po iyan sa isipan ng ating mga mamamayan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagbibigay-panahon sa amin at pagbibigay-impormasyon, Professor Anbony Cuanico, isa pong political analyst. Maraming Salamat po and keep safe po.

**DR. CUANICO:** Maraming Salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Maraming Salamat po sa ating mga partner agencies para po sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

At dito na po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Hanggang bukas pong muli, ako po si Usec. Rocky Ignacio, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center